# Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino:

## *Kalisakasan, kaparaanan at pagsasakasaysayan*[*]

ARTHUR M. NAVARRO

With the development of *kasaysayan* as a discipline and field of knowledge in the Philippines, this paper aims to clarify some important concepts that serve as an introduction to the study of *Bagong Kasaysayan*. In our clarification of these important concepts, we will use the Filipino language as our instrument in historical discourse. We will try to clarify these important concepts associated with *Bagong Kasaysayan* by understanding its nature, methodology and historiography. In the end, with pour clarification and understanding of important concepts, we hope that we can answer the two basic questions in *kasaysayan*: *"Is it meaningful and relevant?"* and *"If it is, for whom is it meaningful and relevant?"*

Arthur M. Navarro is currently an Instructor at the Department of History, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines, Diliman.

## PAMBUNGAD

BUNSOD NG PAG-UNLAD NG KASAYSAYAN bilang disiplina at larangan ng kaalaman sa Pilipinas, magtatangka ang papel na ito na maglinaw ng ilang mahahalagang batayang dalumat bilang pambungad sa pag-aaral ng *Bagong Kasaysayan*. Sa paglilinaw ng mga dalumat kaugnay ng kasaysayan, magiging kasangkapan ang wikang Filipino.

Marami-rami na rin ang nasulat hinggil sa wikang Filipino bilang kasangkapan[1] para sa sangkapilipinuhan o ang kabuuan ng mga Pilipino na nakaugat sa magkakaugnay na kalinangan, karanasan, lipunan, tradisyon at wika, samakatwid, isang kabihasnan. May mga nasulat na rin tungkol sa kaugnayan ng wikang Filipino sa pag-aaral ng kasaysayan.[2] Kaugnay ng mga akdang ito, ang wikang Filipino bilang kasangkapan sa paglilinaw ng mahahalagang dalumat sa kasaysayan ang ating pag-uukulan ng pansin.

Hindi kataka-takang maging mahalagang kasangkapan natin ang wikang Filipino sa kasaysayan. Kung tutuusin, hindi simpleng tagapagpahiwatig, tagapagpahayag at tagapag-ugnay ng kasaysayan ang wikang Filipino. Sapagkat daluyan ng kalinangan at karanasan, mabisa rin itong imbakan/impukan-kuhanan ng kasaysayan.[3] Kasangkapan din ang wikang Filipino sa pagsusuri at pag-unawa ng mga pagpapakahulugan sa kasaysayan na nakaugat sa sariling kalinangan at karanasan. Mismong *p*agpapakahulugan, pagsasa-kabuluhan at pagsasakatuturan din ang wikang Filipino sa kasaysayan. Sa pamamagitan ng wikang pambansa, nagiging bukas at lantad ang kasaysayan sa pagpapalitaw ng bagong kahulugan, kabuluhan at katuturan.[4] Ngunit higit sa lahat maaaring tingnan ang wikang Filipino bilang pagsasakapangyarihan ng sangkapilipinuhan sa kasaysayan. Marami nang pagtalakay sa usapin ng wika at kapangyarihan at kasaysayan at kapangyarihan.[5] Ang kasaysayan at wika ay kapangyarihan. Kung naniniwala tayong ang sangkapilipinuhan ang nararapat na may kapangyarihan, ang kasaysayan at wika ng sangkapilipinuhan ang dapat nating itaguyod at itanghal. Sa kaso natin, ito ang bagong kasaysayan sa wikang Filipino.

Gagawin natin ang pag-unawa sa mahahalagang batayang dalumat kaugnay ng bagong kasaysayan, sa bisa ng wikang Filipino, sa pamamagitan ng paglilinaw sa kalikasan ng kasaysayan, kaparaanan sa kasaysayan at pagsasakasaysayan.

## KALIKASAN NG KASAYSAYAN

Tumutukoy ang kalikasan sa kung ano ang katutubo at taal. Binibigyang-pansin sa kalikasan ang pinagmulan, pinag-ugatan at pati na pinagdaanan at

paroroonan. Sa pagtuklas sa kalikasan ng kasaysayan, mahalagang linawin natin ang kahulugan ng kasaysayan at kasaysayan ng kasaysayan.


## Kahulugan ng Kasaysayan

Batay sa kahulugan at pakahulugan, ang kasaysayan ay isang salaysay hinggil sa nakaraan na may saysay para sa isang grupo ng tao.[6] Hindi magkatumbas ang kasaysayan at nakaraan. Ang kasaysayan ay paglalahad lamang ng mga makahulugan, makabuluhan at makatuturang pangyayari sa napakalawak at napakasaklaw na nakaraan. Kung kaya nga't ang kasaysayan ay itinuturing din bilang "may saysay na nakaraan." Bukod dito, ang paglalahad ay laging para sa isang tiyak na grupo ng tao. Sa kaso natin, ang grupong tinutukoy ay ang sangkapilipinuhan.

Sapagkat ang kasaysayan ay laging para sa sangkapilipinuhan, ito rin ay pag-uulat sa sarili tungkol sa sarili, kaugnay at ibang kabihasnan sa daloy ng panahon.[7] Maaaring paksa ng kasaysayan kung gayon ang sariling barangay, bayan, lalawigan, bansa o sambayanan. Maaaring paksa rin ang mga kaugnay sa pagiging Austronesyano o Asyano. At maaaring paksa rin ang iba gaya ng Espanya, Estados Unidos o Hapon.

Ngunit higit sa lahat, ang kasaysayan ay isang talastasan. Ang talastasan ay mula sa salitang-ugat na tastas na ang ibig sabihin ay "kalas" at "laslas ng tahi." Samantala, ang talastas naman ay tumutukoy sa "alam," "batid," "talos," "tanto" at "unawa." Ang -an naman ay hulaping tumutukoy sa maramihan o sama-sama. Samakatwid, ang talastasan ay kolektibo o sama-samang "pagkalas" "paglaslas ng tahi" sa layong "pag-alam," "pagbatid," "pagtalos" "pagtanto" at "pag-unawa" ng anumang kaisipan o paksa. Kaiba ito sa konsepto ng diskurso na mula sa Latin na discursus at discurrere na nangangahulugan ng "pagtakbo ng paurong-pasulong," na nakalimita sa ideya ng pagpapalitan ng kuru-kuro at pag-uusap na maaaring walang pinatutunguhan. Kaiba rin ito sa dekonstruksyon na mula sa Latin na "déconstruere" at "déconstructus" na maaaring ang tanging layon ay "baliktarin," "sirain," "tanggalin" at "wasakin" ang isang kaayusan at kabuuan. Ang talastasan ay higit na masaklaw. Mayroon itong likas na tunguhin: unawain ang kaisipan at paksang pinag-uusapan. Sa paghahanap ng saysay, hindi maiiwasan ang pagpapalitan ng kuru-kuro na maaaring magbunga ng iba't ibang pananaw at pamamaraan sa loob ng isang buhay na talastasan. Sa daloy ng panahon, inaasahang maunawaan natin ang ating pag-unawa kung ano ba ang makaluhugan, makabuluhan at makatotohanan sa ating nakaraan.[8]

*DIAGRAM I*
*Kasaysayan ng Kasaysayan*




Sa mga kahulugan at pakahulugang ito, maliniw na sinasagot ng kasaysayan ang dalawang batayang katanungan: 'Ito ba'y may saysay?" at "Kung may saysay, may saysay para kanino?"

## KASAYSAYAN NG KASAYSAYAN

Malaon nang tinatangkang sagutan ang dalawang katanungang ito sa mahabang kasaysayan ng kasaysayan na ating tutuntunin tungo sa higit pang pagpapaliwanag sa kalikasan ng kasaysayan. May tatlong yugtong maaaring tukuyin sa kasaysayan ng kasaysayan: sinaunang kasaysayan, historya at bagong kasaysayan.[9] Nakapaloob sa mga yugtong ito ang iba't ibang pananaw at talastasang pangkasaysayan na lumitaw sa daloy ng kasaysayan ng kasaysayan. Ang pagtukoy sa mga pananaw at talastasan ay batay at hango mula sa dalumat ng mga panghalip panao na "tayo," "sila," "kayo" at "kami" na maliwanag na tumutukoy sa mga nagsasalita at sa kanyang mga kinakausap.[10]

Sa sinaunang kasaysayan, malinaw ang diwa ng "salaysay na may saysay," "pag-uulat sa sarili" at "talastasan." May malinaw na "pantayong pananaw" na pang-etnolinggwistikong grupo. Ang isang halimbawa ng anyo ng sinaunang kasaysayan ay ang *guman* o epiko na gaya ng *Biag Ti Lam-Ang* ng rehiyong Iloko; *Ullalim ng mga Kalinga*; *Alim* at *Hudhud* ng mga Ifugao; *Bindian* ng mga Ibaloy; *Kanag Kababagowan* ng mga Tinguian; *Biwag* at *Malana* ng mga Gaddang; *Handiong* (Ibalon) ng rehiyong Bikol; *Kudaman* ng Palawan; *Hinilawod/Sugidanon* (*Labaw Donggon, Humadapnon* at ilang iba pa) ng mga Sulod ng Panay; *Guman* ng Dumalinao, *Ag Tobig nog Keboklagan* at *Keg Sumba neg Sandayo* ng mga Subanon ng Zamboanga; *Agyu* ng mga *Arakan-Arumanen*; *Tuwaang* ng mga Manobo; *Ulod* ng mga Matigsalug; *Manggob* ng mga Mansaka; *Todbulol* ng mga T'boli; *Darangen* ng mga Maranao at *Parang Sabil* ng mga Tausug. Ang *tarsila* ng mga sultanato ay isa ring anyo ng sinaunang kasaysayan. Ito ang mga salaysay na may saysay sa bawat etnolinggwistikong grupo sapagkat ito ang naglalahad ng mga makahulugan, makabuluhan at makatuturan para sa bawat bayan. Ito ang iniuulat nila sa sariling pangkat tungkol sa sariling kabihasnan. Ito rin ang binuo nila sa loob na kanilang talastasang bayan.

Tatlong pangunahing hibla naman ng tradisyong historya, na mula sa Griyegong *historiè* ng sibilisasyong Europeo at nangangahulugang pagsisiyasat at pag-uulat, ang dumaloy sa Pilipinas. Ang una, ang dala-dala ng mga Español na *historia*, ay maaaring ituring na historya bilang kronika, na ang pinakabuod ay ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Ang ikalawa at ikatlo naman ay batay sa dala-dala ng mga Amerikanong *history* na puspusang pumasok sa Pilipinas simula nang itatag ang U.P. Departamento ng Kasaysayan noong 1910. Ang ikalawang hibla ay maituturing na historya at positibismo na ang buod ay ang siyentipikong metodolohiya sa pananaliksik at pag-aaral hinggil sa nakaraan na nakabatay sa mga *dokumento*. At ang ikatlo naman ay maituturing na historya bilang interpretasyon na nakabatay sa pagsusuri ayon sa mga balangkas, hulmahang pangkaisipan at wika ng mga banyaga.[12] Malinaw ang "pansila" at "pangkayong pananaw" ng mga dayuhan at "pangkaming pananaw" ng mga Pilipino sa tradisyong historya. Ito ay sa harap ng pagpapatuloy ng diwa ng "pantayong pananaw" sa sinaunang kasaysayan na mahihinuha sa kamalayang namayani sa mga kilusang bayan at paghihimagsik sa agos ng kasaysayan.

Ang bagong kasaysayan naman ay pagbawi ng diwa ng sinaunang kasaysayan ("salaysay na may saysay," "pag-uulat sa sarili" at "talastasan")

at pagsasanib at pagtatagpo nito sa ideya ng historya ("pagsisiyasat," "pag-uulat," "kronika," "positibismo" at "interpretasyon").[13] Ang Katipunan at Himagsikang 1896 ang tila naghudyat sa pagbubuo ng bagong kasaysayan. Sa kauna-unahang pagkakataon, pinagsanib ng mga Anak ng Bayan ang sinaunang kasaysayan at ang historya bilang kronika. Partikular sa sinulat ni Andres Bonifacio, "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog," masasalamin ang naturang pagtatagpo. Malinaw na makikita sa kanyang balangkas ng *liwanag-dilim-muling liwanag* ang diwa ng salaysay na may saysay, pag-uulat

**Talahanayan I**


Pananaw at talastasan sa Kasaysayan ng Kasaysayan

| **Kasaysayan ng Kasaysayan** | **Pananaw at Talastasan** | **Mananalaysay/ Nagsasalita/ Nakikipagta-lastasan** | **Sinasalaysayan / Kinakausap /Katalastasan** | **Wika ng Talasatasan** | **Kasaysayan /Paksang Pinagtatalastasan** |
|---|---|---|---|---|---|
| Sinaunang Kasaysayan | Pantayo (EtG) | EtG | EtG | EtG | EtG |
| | Pansila (B) | B | B | B | P |
| **Historya** | Pangkayo (B) | B | B | B o P | P |
| | Pangkami (P) | P | B | B | P |
| | Pantayo (P) | P | P | P | P |
| **Bagong Kasaysayan** | Pangkami (P) | P | B | B o P | P |
| | Pansila (P) | P | P | P | B |
| | Pangkayo (P) | P | B | B o P | B |

Tumabasan: EtG= Etnolingwistikong Grupo; B=Banyaga; P=Pilipino

sa sarili, talastasan at kronolohiya ng mga pangyayari. Dekada '30 naman ng muling tumingkad ang bagong kasaysayan sa bisa ng mga "Tagalista" o tagapagsulong ng wikang Tagalog bilang wikang pambansa. Sa mga akda nina Jacinto Manahan at Jose P. Santos mababanaag ang mga sangkap ng sinaunang kasaysayan at ng historya bilang kronika, historyang batay sa positibismo na patuloy na namamayagpag sa akademya. Panahon ng "sigwa," lugar ng mga makabayang pagkilos sa Pilipinas noong mga unang taon ng dekada '70— ito ang kontekstong kumupkop sa bagong kasaysayan sa akademya. Isang maliit na hanay ng mga mananalaysay na kinabibilangan nina Zeus Salazar, Jaime Veneracion at ilan pang nakababatang guro ng U.P. Departamento ng Kasaysayan ang nagsulong ng paggamit ng wikang

*Diagram II*
*Kaparaanan ng Kasaysayan*




Pilipino at nagdalumat ng "pantayong pananaw" Ito ang bumuhay sa bagong kasaysayan. Binawi ang diwa ng sinaunang kasaysayan ("salaysay na may saysay," "pag-uulat sa sarili" at "talastasan") at pinagniig ito sa ideya ng historya ("pagsisiyasat," "pag-uulat," "kronika," "positibismo" at "interpretasyon") sa loob ng diwa ng "pantayong pananaw" na pangkabuuang Pilipino.

## KAPARAANAN SA KASAYSAYAN

Tumutukoy naman ang kaparaanan sa kasaysayan sa metodolohiya at pamamaraan ng pananaliksik sa pag-aaral ng kasaysayan. Sa bagong kasaysayan, malakas ang pagtataguyod na ang buong proseso ng kaparaanan sa kasaysayan ay gawin sa diwa ng sama-samang pagtatanghal ng kakayahan at kaalaman sa pananaliksik sa kasaysayan. Binubuo ang kaparaanan sa kasaysayan ng pagtatanong: pagpili ng paksa, pangangalap ng batis at pagsusuri ng batis.[14]

*Pagtatanong: Pagpili ng paksa*

Sa pagtatanong: pagpili ng paksa, mahalaga ang pagtatakda ng mga tanong na gusto nating masagot sa ating pag-aaral. Itinuturing na pinakamahalaga sa kaparaanan sa kasaysayan ang tanong tungkol sa nakaraan. Ang mga tanong na ito ang nagdadala sa atin sa gusto nating paksa. Kinakailangang may malinaw tayong interes sa paksa. Kinakailangang itakda at tiyakin sa paksa ang lawak at saklaw na panahon, lugar at tao. Kaugnay nito, kinakailangan ding itakda at tiyakin sa paksa ang lawak at saklaw na aspeto at istrukturang pangkabihasnan (kalikasan, kapaligiran, kalinangan, kaisipan, kapangyarihan, kabuhayan, kalipunan). Pumapasok rin ang posibilidad ng pagbibigay pansin sa mga pag-aaral na kaugnay ng ibang disiplina na gaya ng heograpiya, demograpiya, antropolohiya, arkeolohiya, linggwistika, sikolohiya, agham pampulitika, ekonomiks, sosyolohiya, at pilosopiya. Ngunit hindi natatapos ang pagtatanong sa pagpili, pagtakda at pagtiyak ng paksa. Patuloy ang pagtatanong na nakatuon sa pagsagot sa mga suliranin ng ating panahon na may kinalaman sa ating nakalipas. Dapat laging makakaambag ng bagong kaalaman ang mga pagsagot sa mga pagtatanong. Dito, mahalagang magkaroon tayo ng paunang kaalamang panlahat kaugnay ng larangan ng paksa upang mabatid natin kung ano pa ang maaaring maiambag. Ngunit higit sa lahat, dapat laging makahulugan, makabuluhan, makatuturan para sa mga Pilipino ng ating panahon ang pagtatanong.

Sa lahat ng ito, makakatulong ang pagkakaroon ng paunang balangkas bilang gabay na patuloy na nagbabago sa daloy ng buong kaparaanan sa kasaysayan.

*Pangangalap ng batis*

Sinusundan ang pagpili ng paksa ng pangangalap ng batis. Dito, mahalagang kilalanin muna ang dalawang uri ng batis. May mga nakasulat na batis na maaaring primarya o sekondaryang batis, tulad ng kasulatan, libro, liham, pahayagan, talaarawan, at iba pa na mahahanap sa mga aklatan, sinupan,

*Talahanayan II*
*Modelong ng Makapilipinong Pananaliksik*
*sa Diwa ng Pakikipagkapwa*

| Ibang Tao | Hindi Ibang Tao |
|---|---|
| Pakikitungo | Pakikipagpalagayang-loob |
| Pakikisalamuha | Pakikisangkot |
| Pakikilahok | Pakikiisa |
| Pakikibagay | |
| Pakikisama | |

*Santiago at Enriquez, 1976*

pribadong koleksyon ng mga kasulatan, simbahan at tanggapang pampamahalaan. At may mga di-nakasulat na batis tulad ng artifak, hayto, pasalitang panitikan at kasaysayan, sining, wika, at iba pa na maaaring makakalap sa lahat ng pook na maaaring may kaugnayan sa paksa.

Sa pangangalap ng batis, mahalaga ang kaalaman at kasanayan sa pangangalap at paggamit ng pantulong na bibliograpiya at pagkuha ng tala.[15]

Sa pangangalap ng batis, nakasulat man o di-nakasulat, napakahalaga ang makailang pagsisiyasat sa larangan. Wala nang tatalo pa sa pagsisiyasat sa pook mismo na pinaglalagakan ng mga batis. Dito makukuha ang mga batis na kadalasang bahagi at batayan ng kaalamang bayan[16] hinggil sa nakaraan.

Sa pagsisiyasat sa larangan, pumapasok ang kahalagahan ng Panimulang Modelo ng Maka-Pilipinong Pananaliksik sa Agham Panlipunan na unang itinaguyod ng mga tagapagsulong ng Sikolohiyang Pilipino. Sa modelong ito, batay sa iba't ibang antas ng pagtutunguhan at pagtutulungan ng mananaliksik at kalahok ang pangangalap ng batis. Nakapaloob ito sa diwa ng pakikipagkapwa sa ibang tao at hindi ibang tao. Ang pangangalap ng batis ng mananaliksik kung gayon ay tinitingnang bukal sa kalooban ng kalahok.[17]

*Pagsusuring Batis*

Matapos ang pangangalap ng batis, kinakailangan naman ang *pagsusuri ng batis*. Dumadaan ito sa dalawang bahagi o hakbang: *kritikang panlabas* at *kritikang panloob*.

Ang kritikang panlabas o kritika ng katunayan at kapanaliganan ay may kinalaman sa pagkilala kung tunay o di-tunay ang batis. Dumadaan sa restitusyon o pagwawasto ng batis upang maibalik ito sa orihinal. Mahalaga rin ang pagtatakda ng kapanaliganan at saligan batay sa pinanggalingan ng batis---panahon, lugar at tao, bago makatiyak kung maaaring gamitin ang batis para sa pananaliksik. Kailangan ang lahat ng ito upang maipakita na tunay at hindi huwad o peke ang batis.

Samantalang ang kritikang panloob naman o kritika ng kapaniwalaan at katotohanan ay nagtatakda at nagsusuri sa mismong nilalaman ng tunay at mapapanaligang batis upang tangkaing tuklasin ang tiyak at tunay na kahulugan nito. Kailangan ang pag-unawa sa mga pakahulugan upang mapalitaw ang katotohanang pangkasaysayan na maaaring ikinukubli ng batis. Sa paghahanap ng tunay na kahulugan, pakahulugan at katotohanan, na bucd ng kritikang panloob, sentral ang pagkagagap sa wika ng batis.[18]

## PAGSASAKASAYSAYAN

Hindi natatapos ang gawaing pangkasaysayan sa kaparaanan sa kasaysayan, sinusundan ito ng pagsasakasaysayan o ang ganap na pag-aanyo bilang kasaysayan. Sa bagong kasaysayan, mulad sa kaparaanan sa kasaysayan, malakas ang pagtataguyod na ang buong proseso ng pagsasakasaysayan ay gawin sa diwa ng sama-samang pagtatanghal ng kakayahan at kaalaman sa pag-aaral ng kasaysayan. Binubuo ang pagsasakasaysayan ng dalawang bahagi: pag-uugnay at pagsasalaysay.[19]

### *Pag-uugnay*

Mahalaga ang pag-uugnay ng mga nakalap at nasuring nakasulat at di-nakasulat na batis na maaaring gawin sa pamamagitan ng iba't ibang lapit.

Ang pag-uugnay ay maaaring gawin sa pamamagitan ng iba't ibang lapit: interdisiplinaryo, krosdisiplinaryo/transdisiplinaryo at multidisiplinaryo/ pluridisipinaryo. Ang lapit na interdisiplinaryo ay tumutukoy sa pagsasama-sama ng iba't ibang dalubhasa, pantas at paham mula sa iba't ibang disiplina at larangan ng kaalaman upang mapag-ugnay-ugnay ang mga pagtingin at pagsusuri sa iisang paksa. Ang lapit na krosdisiplinaryo/transdisiplinaryo naman ay tumutukoy sa paggamit ng isang dalubhasa, pantas o paham ng ibang disiplina maliban sa sariling disiplina bilang pantulong sa pag-uugnay ng mga maaaring pagtingin at pagsusuri sa paksa. Kailangan dito ang pag-aaral ng saklaw ng napiling ibang disiplina. At ang lapit na multidisiplinaryo/

pluridisiplinaryo naman ay tumutukoy sa paggamit ng dalawa o marami pang disiplina ng isang dalubhasa, pantas o paham upang maging mabisa ang pag-uugnay. Ibig sabihin nito, hindi lamang saklaw ng mga disiplinang ginagamit ang nalalaman kundi ang lawak at lalim ng mga ito.[20]

Maaari ang ano mang lapit, ang mahalaga ay ang mapag-ugnay-ugnay ang mga nakalap at nasuring batis tungo sa pagbubuo ng balangkas ng pagpapanahon. Dapat tandaan na kinakailangan ang pagpili at pag-uuri ng mga batis na ipapaloob sa balangkas ng pagpapanahon

Sa lahat ng ito, kinakailangan ding mapalitaw sa pagbabalangkas ng pagpapanahon ang empasis. Kinakailangang isaalang-alang ang pagpapalitaw ng nabuong pangkalahatang hulmahang pangkaisipan— ng nabuong pangkalahatang pormula at teorya ng pagbubuo ng kasaysayan na nararapat na pagtatanghal sa katwiran at nakaugnay sa kung ano ang makatotohanan, makahulugan, makabuluhan at makatuturan.


*Pagsasalaysay*

Matapos ang pag-uugnay, ang sunod na hakbang ay ang praktika ng pagsasakasaysayan— ang pagsasalaysay o aktwal na paglalahad at pag-uulat ng mga makahulugan, makabuluhan at makatuturan. Nakapaloob ito sa diwa ng pagbabalik sa bayan ng mga salaysay na may saysay. May ilang halimbawa ng pagsasalaysay na gaya ng pagsusulat, na lalong nagiging mabisa sa pamamagitan ng paglalathala; pagtuturo; at pagkilos at paglahok sa anumang "may saysay" na gawaing panlipunan.

Para sa maingat at masinop na pagsusulat, dapat alalahanin ang ilang batas at panuntunan sa paggamit ng wika tungo sa malinaw na pagpapahayag at pagsasalaysay.[21] Ngunit sa ating panahon kung kailan laganap na ang pagbabaklas sa mga kanon at kinasanayan, hindi dapat iisang-tabi ang katunayan at katotohanan na ang maganda, malikhain at masining na pagsusulat ay maaari na ring ituring bilang mabisang pagsusulat ng kasaysayan.[22] Mabisa ang pagsusulat kung ito'y nalalathala sa aklat, buletin, jornal, magazin o pahayagan. Mahalaga ding pasukin ang mga "makabagong larangan ng paglalathala" na gaya ng radyo, telebisyon o *cyberspace*.

Sa mabisang pagtuturo naman, dapat alalahanin na ang mga kabataang mag-aaral na tagatangkilik ang pinakamahalaga at pinakasentro.[23] Sa kaayusang ito, kinakailangang magkaugnay, at hindi magkahiwalay, ang tatlong salik sa larangan ng pagtuturo: nilalaman, pamamaraan at wika. Ang tatlong salik na ito ay

*Diagram III*
*Iba't ibang lapit sa Pag-uugnay*




malinaw na sumasagot sa mga tanong na "Ano ang ituturo?" at "Paano ito ituturo?"

At sa pagkilos at paglahok sa anumang "may saysay" na gawain at kilos panlipunan, kailangang alalahanin na "walang hihigit pang uri ng pagsasalaysay at pagsasakasaysayan sa mismong paglikha ng kasaysayan." Kaugnay nito, malimit ikabit ang kasaysayan sa mga gawain at pagkilos tungo sa panlipunang pagbabago.[24] At ang lahat ng ito ay pawang nasasalalay sa pagtatakda ng

kapangyarihang bayan kung ano ba kasaysayan—ano ba ang makabulugan, makabuluhan at makatuturan sa nakaraan para sa ating panahon.

## PAHIMAKAS

Sa harap ng ating paglilinaw sa wikang Filipino ng mga mahahalagang batayang dalumat bilang pambungad sa bagong kasaysayan, hindi pa rin titigil ang pag-usig sa atin ng dalawang batayang katanungan: "Ito ba'y may saysay?" at "Kung may saysay, may saysay para kanino?"

Marahil sa pagkagagap sa kalikasan ng kasaysayan, kaparaanan sa kasaysayan at pagsasa-kasaysayan, magiging madali ang pagsagot natin sa unang tanong. Ngunit higit na mahirap sagutan ang ikalawang tanong. May saysay para kanino? Sa sangkapilipinuhan? Sino ba ang sangkapilipinuhan? Tayo? Sinu-sino ba ang bumubuo sa tayo?

Bagamat ang sangkapilipinuhan ay tumutukoy sa kabuuan ng mga Pilipino na nakaugat sa magkakaugnay na kalinangan, karanasan, lipunan, tradisyon at wika o isang kabihasnan, mahalagang tingnan natin ito sa ating panahon bilang kabihasnan na isang kabuuang-may-hidwaan.[25]

Sa ating pagtingin sa sangkapilipinuhan, makikilala natin ang hidwaan, salungatan at tunggaliang nakapaloob sa mga ugnayan sa pagitan ng mga uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang. Sa pagkilala sa mga ugnayang ito, mapapansing madalas na nailalagay sa gitna ang ilang uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang samantalang naiisang tabi sa gilid ang iba pang Pilipino.[26]

Ang pagkilala sa papel na ginampanan ng iba't ibang uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang sa bagong kasaysayan ay paunang pagtatangkang baklasin ang kaayusang gitna at gilid sapagkat tinatangka nitong ilagay at ipook sa sentro ang lahat ng bumubuo sa sangkapilipinuhan. Pagtatanghal ito ng bagong kasaysayan na may pakikipagkapwa—may paggalang sa kalikasan at katangian ng bawat Pilipino.

Samantala, ang pagkilala naman ng mga pag-aaral sa bagong kasaysayan sa katunayan at katotohanan ng pagkakaroon ng mga hidwaan, salungatan at tunggalian sa pagitan ng iba't ibang uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang ay pagtatangkang imulat sa pangangailangang maging malaya at mapagpalaya sa kaayusan ng kabihasnan bilang kabuuang-may-hidwaan tungo sa kabuuang-walang-lamat.

Ang mga pagkilalang ito sa "ginampanang papel" at "hidwaang namamagitan," na isinusulong at itinataguyod ng bagong kasaysayan, ay hakbang

tungo sa pagtuklas ng mga kaganapan at pangyayaring makahulugan, makabuluhan at makatuturan para sa iba't ibang uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang sa sangkapilipinuhan.[27] Ang pagtatangkang pag-sanibin, pagtagpuin at pagtugmain ang mga "salaysay na may saysay" para sa magkakaiba, ngunit magkakaugnay na uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang na Pilipino sa wikang Filipino ay tungo sa pagbubuo, pagpapaimbulog at pagpapatatag ng isang bagong kasaysayan na tunay na Pilipino.

Sa pangkalahatan, ang pagsusumikap ng bagong kasaysayan sa wikang Filipino sa ating panahon ay mahalaga sa patuloy nating pag-aadhika ng pagkakaisa ng mga Anak ng Bayan tungo sa pagbuo ng *sambayanan* at sa patuloy nating pagmimithi ng ganap na *kalayaan* at *kasarinlan* ng *Inang Bayan.* Ang sambayanan ay tunguhin sa hinaharap na nagpapahiwatig ng pagbabalik sa batayang *bayan* habang kinikilala ang pag-unlad sa harap ng pag-aangkin ng *pagkabansa.* Dito kinikilala na kailangang pag-isahin (makikita sa *sam-* na mula sa isa) ang mga bayan (makikita sa—*bayanan*) na binubuo ng magkakaiba, ngunit magkakaugnay na uri, lipi, relihiyon, kasarian at gulang na may sari-sariling katangiang Pilipino. Ang sambayanan din ay isang katagang nilikha at hinubog ng sangkapilipinuhan na nagpapahiwatig ng kakayahang hawanin ang sariling landasin at tunguhin.[28]

Sa huli, masasabi nating sa tanging sa pagkakabuo ng sambayanan at sa tunay na pagkamit ng kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan lamang ganap na magiging tunay at totoo ang bagong kasaysayan.

## MGA TALA

[1] Maaaring tingnan ang mga akda ng mga pangunahing tagapagtaguyod ng wikang pambansa sa ating panahon na kinabibilangan nina Virgilio Almario, Ernesto Constantino, Pamela Constantino, Consuelo Paz at Zeus Salazar. Tingnan din ang mga pinakabagong kalipunan ng akda hinggil sa wika na gaya ng Pamela Constantino at Monico Atienza (mga patnugot), *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan,* Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996; Virgilio Almario, *Tradisyon at Wikang Filipino,* Lunsod Quezon: U.P. Sentro ng Wikang Filipino, 1997; at Ricardo Nolasco at Departamento ng Linggwistiks (mga patnugot), *Wika at Pagpapalaya: Mga Papel ng Ika-8ng Konggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas,* isang publikasyon ng *The Archive,* Publikasyon Bilang 14, Agosto 1998. May ilang pagkakaiba ang mga akda sa dalumat ng wikang Filipino subalit makakaugnay sa tunguhing maitaguyod ang isang tunay na wikang pambansa.

[2] Maaaring tingnan ang mga akda nina Zeus Salazar at ilan niyang estudyante tungkol sa kasaysayan, "pantayong pananaw" at wikang pambansa sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, Vicente Villan (mga patnugot) *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan;*

*Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997. Tingnan din ang Zeus Salazar "Ang Paggamit ng Wikang Pambansa sa Departamento ng Kasaysayan," na nasa Zeus Salazar (patnugot), *Ang P/Filipino sa Agham Panlipunan at Pilosopiya,* Maynila: Kalikasan Press, 1991. pahina 76-83 at Zeus Salazar, "Wika at Historiograpiya: Ang Pag-aaral ng Kasaysayan Tungo sa Pagbubuo ng Bansa," na nasa Nolasco at Linggwistiks, 1998, pahina 201-214. Para naman sa pagsisinsin sa habi ng mga artikulo at libro tungkol sa kasaysayan sa wikang pambansa, tingnan ang Nilo Ocampo, "Makasaysayang Habi: Mga Sulatin Naka-Filipino sa Historyograpi," ikalawang gantimpala Gawad Collantes sa Sanaysay, Komisyon ng Wikang Filipino, 1993 at Nilo Ocampo, "Matyag-sa in sa Historyograpiya," na nasa *Daluyan,* Tomo VII, Bilang 3-4, 1996, pahina 85-95.

3 Hinango sa Zeus Salazar, "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino," na nasa Constantino at Atienza. 1996, pahina 19-45 at Zeus Salazar, 1998, pahina 201.

4 Para sa paunang pag-uugnay ng *wika, kahulugan* at *pakahulugang pang-kasaysayan,* tingnan ang Atoy Navarro at Raymund Abejo, "Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan: Pagpopook ng Kahulugan," na nasa Atoy Navarro at Raymund Abejo (mga patnugot), *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan,* Lunsod Quezon: LIKAS, 1998, pahina 199-202.

5 Para sa usapin ng wika at kapangyarihan, tingnan ang Jovy Peregrino, "Wika, Isang Penomenong Panlipunan," na nasa *Diliman Review,* Tomo 45, Bilang 4, 1997-Tomo 46, Bilang 1, 1998, pahina 75-82. Para naman sa usapin ng kasaysayan at kapangyarihan, tingnan ang Francis Gealogo, "Ang mga Taong Labas, ang Kabayanihan at ang Diskurso ng Kapangyarihan at Kasaysayan," na nasa *Diliman Review,* Tomo 38, Bilang 1, 1990, pahina 23-31, na muling inilathala sa Lilia Quindoza-Santiago (patnugot), *Mga Idea at Estilo; Komposisyong Pangkolehiyo sa Wikang Filipino,* Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1995, pahina 123-138.

6 Kahulugan at pakahulugang dinalumat ng mga tagapagtaguyod ng "pantayong pananaw" sa U.P. Departamento ng Kasaysayan sa pangunguna ni Dr. Zeus Salazar.

7 Tingnan ang Zeus Salazar, "Pook at Materya: Ang Kaalaman at Karunungang Pangkasaysayan," sulat-kompyuter na panayam, Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, U.P. Diliman, 29 Enero 1994, pahina 1.

8 Una nang tinalakay ang *talastasan* sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, "Introduksyon," na nasa Navarro, Rodriguez, Villan, 1997, pahina 1. Batay din ito sa Jose Villa-Panganiban, *Diksyunaryo-Tesauro Pilipino-Ingles,* Lunsod Quezon: Manlapaz Publishing Company, 1973, pahina 944; Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, Instructional Materials Corporation, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports at National Bookstore, Inc., *Diksyunaryo ng Wikang Filipino,* Mandaluyong: Cacho Hermanos, Inc., 1989, pahina 850, 867 at sa pagtatanung-tanong kina Prop. Ricardo Nolasco, Tagapangulo ng U.P. Departamento ng Linggwistiks at Dr. Zeus Salazar.

[9] Sariling paglalagom at pag-unawa na hinango sa Myra Gallardo at Elsie Ramos (1986), "Kasaysayan ng Kasaysayan Bilang Disiplina sa Pilipinas," na nasa Navarro, Rodriguez, Villan, 1997, pahina 159-170; Jaime Veneracion (1990), "Ang Kasaysayan sa Kasalukuyang Henerasyon," na nasa Neil Martial Santillan at Mary Bernadette Conde (mga patnugot), *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan,* Lunsod Quezon: LIKAS, 1998, pahina 1-15; at Navarro, Rodriguez, Villan, "Introduksyon," 1997, pahina 1-8.

[10] Ang mga pananaw at talastasan sa kasaysayan ang pinaksa sa Navarro, Rodriguez, Villan, 1997. Para sa pagbubuod ng *kasaysayan ng kasaysayan,* tingnan ang Diagram I na hinango ni Navarro sa Gallardo at Ramos, 1986 at Veneracion, 1990. Para naman sa pagbubuod ng *pananaw at talastasan sa kasaysayan ng kasaysayan,* tingnan ang Talahanayan I na bahagyang hinango sa Omar Tonsay, 1995.

[11] Para sa malawak na pagtalakay, tingnan ang Atoy Navarro, "Sinaunang Kasaysayan: Guman sa Duyan ng Dalumat ng Bayan," papel na nihanda para sa mga klase ng Kasaysayan, U.P. Diliman, 1997-1998, 5 pahina

[12] Tingnan din ang Napoleon Casambre, "Ang mga Pagsisimula ng Historiyograpiyang Pilipino, 1900-1950," na nasa Ferdinand Llanes (patnugot), *Pagbabalik sa Bayan; Mga Lektura sa Kasaysayan ng Historiyograpiya at Pagkabansang Pilipino,* Maynila: Rex Book Store, 1993, pahina 19-41; Jaime Veneracion, "Ang Historiyograpiyang Pilipino sa Gitna ng mga Pagbabagong Panlipunan, 1950-1986," na nasa Llanes, 1993, pahina 43-66 at Salazar, "Wika at Historiograpiya," 1998, pahina 201-203.

[13] Tingnan din ang Jaime Veneracion, *Agos ng Dugong Kayumanggi,* Lunsod Quezon: Abiva Publishing House, 1990, may binagong edisyon 1997, pahina 3-4, 18. Para naman sa kaiba ngunit kaugnay na pagtingin sa "bagong historiyograpiya," tingnan ang Ferdinand Llanes, "Nagsasanib na mga Agos: Mga Tunguhin sa Histriyograpiyang Pilipino, 1987-1992," na nasa Llanes, 1993, pahina 71-92.

[14] Sariling paglalagom at pag-unawa na hinango sa Bonifacio Salamanca, "Ang Pangkasaysayang Pananaliksik: Isang Introduksyon," na nasa Zeus Salazar (patnugot), *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak,* Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974, pahina 3-37; Ma. Bernadette Abrera, "Tradisyunal na Kasaysayan," na nasa Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar (mga patnugot), *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan,* Lunsod Quezon: U.P. Departamento ng Kasaysayan, U.P. LIKAS, BAKAS, 1992, pahina 86-95; Yolanda Gatan, "Ang Bagong Kasaysayan," na nasa Abrera at Lapar, 1992, pahina 96-106 at Atoy Navarro, "Historiograpiyang Pilipino: Pananaw, Pamamaraan at Pilosopiya ng Kasaysayan Ayon sa Klase ng Historiograpiya ni Dr. Salazar," na nasa Navarro, Rodriguez, Villan, 1997, pahina 177-179. Para sa pagbubuod ng *kaparaanan sa kasaysayan,* tingnan ang Diagram II

[15] Para sa isang halimbawa ng paggamit ng pantulong na bibliograpiya, tingnan ang Serafin Quiason, "Isang Kaparaanang Punsiyonal sa Bibliograpiyang Pilipino," na nasa Salazar, 1974, pahina 213-22 .

[16] Para sa pagdadalumat sa *kaalamang bayan* kaugnay ng *tamolang lapit,* na maaaring ilapat sa pag-aaral ng kalinangan, karanasan at kasaysayang Pilipino, tingnan ang

Prospero Covar, "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino," *Professorial Chair Papers*, Lunsod Quezon: CSSP Publications, Serye Bilang 95-4.

[17] Tingnan ang Carmen Santiago at Virgilio Enriquez, "Tungo sa Makapilipinong Pananaliksik," na nasa *Sikolohiyang Pilipino: Mga Ulat at Balita*. Tomo I, Bilang 4, Hunyo 1976, pahina 3-10, na muling inilathala sa Rogelia Pe-Pua (patnugot), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1982, pahina 155-160. Para sa pagbubuod ng modelo ng maka-Pilipinong pananaliksik sa agham panlipunan, tingnan ang Talahanayan II, na hinango sa Santiago at Enriquez, 1976.

[18] Tingnan ang Navarro at Abejo, "Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan: Pagpopook ng Kahulugan," 1998, pahina 199-202.

[19] Sariling pagdadalumat ang *pagsasakasaysayan* na iminumungkahing ipalit sa *historiograpiya*, na bukod sa nakaugat sa historya ay nakalimita sa pagsusulat bilang gawaing pangkasaysayan.

[20] Tingnan ang Atoy Navarro at Raymund Abejo, "Pambungad ng mga Patnugot," na nasa Navarro at Abejo, 1998, pahina 3-5. Batay ito sa paliwanag ni Zeus Salazar sa iba't ibang lapit sa pag-uugnay ng mga agham panlipunan na bahagi ng "Pangkalahatang Pananaw sa Agham Panlipunan," panayam-papel na inihanda para sa *Workshop sa Pagsulat ng Teksbuk*, Innotech, U.P. Diliman, 2 Oktubre 1997. Tingnan din ang Josefa Saniel, "Ang Pag-aaral ng Isang Area: Isang Pagtatampok ng Multi-Disiplinaryong Pamamaraan sa Pag-aaral ng mga Agham-Panlipunan," na nasa Salazar, 1974, pahina 388-403 at *Ang Sosyal Sayantist at ang Multidisiplinaryong Pananaliksik, 1995 CSSP Conference Proceedings*, Lunsod Quezon: U.P. CSSP, 1997. Para sa pagbubuod ng iba't ibang lapit sa pag-uugnay, tingnan ang Diagram III, na hinango sa Salazar 1998.

[21] Tingnan ang Virgilio Almario, *Patnubay sa Masinop na Pagsusulat ng Sanaysay, Tesis, Disertasyon at Ibang Sulatin*, Kalakhang Maynila: National Book Store, Inc., 1981.

[22] Tingnan ang Teresita Maceda, *Mga Tinig mula sa Ibaba; Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosialita ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955*, Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996, pahina 3-15.

[23] Para sa iba't ibang pagpapahalaga sa mga kabataang mag-aaral sa pagtuturo ng kasaysayan, tingnan ang Zeus Salazar, "Ang Pagtuturo ng Kasaysayan sa Pilipino," *General Education Journal*, Bilang 19-20, 1970-1971, pahina 34-50 na muling inilathala sa Navarro, Rodriguez, Villan, 1997, pahina 13-35; Oscar Alfonso, "Ang Pagtuturo ng Kasaysayang Di-Gradwado," na nasa Salazar, 1974, pahina 377-387; Jaime Veneracion, "Pagtuturo ng Kursong Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas," na nasa Llanes, 1993, pahina 67-70; Jaime Veneracion, "Bagong Pananaw sa Pag-aaral at Pagtuturo ng Kasaysayan," na nasa Atoy Navarro at Ryan Palad (mga patnugot), *Tayabas: Pagmumulat sa Kasaysayan, Himagsikan at Sentenaryo*, Lunsod Quezon: LIKAS, 1998, pahina 7-15 at Atoy Navarro, 'Kasaysayan sa kabataan, kabataan sa kasaysayan," na nasa kolum na *Talastasan* sa pahayagang *Init*, Tomo I, Bilang 7, 20 Hulyo 1998, pahina 4. Tingnan din ang pagtingin at pananaw ng ilang mag-aaral ng kasaysayan tungkol sa pagtuturo ng kasaysayan sa Noelle Rodriguez, Cecille

vol. 55, nos. 1-4, jan-dec 1998

Samonte at Cecille Sta. Maria, "Paraan ng Pagtuturo ng Kasaysayan," na nasa Abrera at Lapar, 1992, pahina 14-17.

[24] Tingnan ang Jose Custodio, Rosarita Khadija Mamorno, Ariel Nepomuceno, Marcial Pimentel Jr. at Noel Roxas, "Disiplina ng Kasaysayan at Panlipunang Pagbabago," na nasa Abrera at Lapar, 1992, pahina 22-24.

[25] Hinango sa dalumat na kalinangan bilang 'kabuuang-may-hidwaan vs. kabuuang-walang-lamat" ni Ramon Guillermo.

[26] Tingnan ang kaugnay na papel na Francis Gealogo, "Mga Tinig mula sa Gilid: Uri, Kasarian, Relihiyon at Etnisidad sa Pagbabalangkas ng Makabayang Kasaysayang Pilipino," na nasa Carmencita Aguilar (patnugot), *Social Science and Multiculturalism: Enhancing Quality Education*, Lunsod Quezon: Association of Social Science Educators, Researchers and Trainors (ASSERT), 1997, pahina 219-231.

[27] Para sa pagsusumikap at pagtataguyod ng bagong kasaysayan, tingnan ang Ocampo, 1993; Ocampo, 1996, pahina 85-95 at Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, Vicente Villan, "Pantayong Pananaw: Kalagayan at Tunguhin; Ang Kaso ng U.P. Departamento ng Kasaysayan," na nasa Navarro, Rodriguez, Villan, 1997, pahina 187-192. Magandang banggitin din ang pagsusumikap at pagtataguyod "upang maipasok ang karanasan, kasaysayan at kultura ng iba't ibang grupong Pilipino" at matingnan ang "iba't ibang aspeto ng kabuuan" sa kasaysayan sa pamamagitan ng taunang pambansang kumperensya at paglalathala ng mga aklat pangkasaysayan ng Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA ng Pilipinas, Inc.). May kaugnay na mga layunin at gawain din ang Kampanya para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN).

[28] Nauna nang binigyan ng pakahulugan sa Atoy Navarro, "Ang Pag-aaral ng Himagsikan sa Ating Panahon," na nasa Navarro at Palad, 1998, pahina 208-209. Tingnan din ang kaugnay na pagpapakahulugan sa *sambayanan* sa Veneracion, 1997, pahina 206, 257.